MPR SNAPSHOTS

Ang *visual summary* ng Pebrero 2026 Monetary Policy Report

Ano ang naging hakbang ng BSP?

Ibinaba ang pangunahing *interest rate*—ang *target reverse repurchase (RRP) rate*—ng 25 basis points patungong **4.25 *percent***. Ang mas mababang interest rate—na tumutulong pababain ang halaga ng pag-utang—ay tutulong palakasin ang pamumuhunan sa negosyo, pagkonsumo, at paglago ng ekonomiya. Ang inaasahang paglago naman ng ekonomiya ay tutulong palakasin ang kumpiyansa ng mga *investor*.

Ano ang aasahan sa presyo ng mga bilihin?

Taya ng BSP sa *inflation*[1]

- 2026 - 3.6%
- 2027 - 3.2%

Taya ng mga ekonomista sa pribadong sektor

- 2026 - 2.9%
- 2027 - 3.1%

Ipinapakita nito ang tiwala na mananatiling kontrolado ang *inflation* sa mga susunod na taon.

Ano ang mga maaaring makaapekto sa presyo ng mga bilihin?

Mga maaaring magpabilis ng *inflation* kumpara sa forecast

- mas mataas na singil sa kuryente
- mas mataas na pandaigdigang presyo ng langis at iba pang bilihin
- mas mataas na taripa sa bigas

Mga maaaring magpabagal ng *inflation* kumpara sa *forecast*

- mas mabagal na paggasta ng mga mamimili
- mas mahinang pamumuhunan
- pag-alis ng taripa ng US sa mga produktong *wheat* at *soy*

Ano ang kalagayan ng ekonomiya?

Inaasahang mananatiling banayad ang paglago ng ekonomiya sa mga susunod na buwan bago ito unti-unting lumakas sa 2027.

Mga hamon sa ekonomiya:

- mababang pamumuhunan at kumpiyansa ng mga negosyante
- mas mabagal na aktibidad sa konstruksyon
- pagbagal sa paggasta ng sambahayan

Mga nagpalakas sa ekonomiya:

- mas malakas na *exports*
- matatag na pandaigdigang presyo ng mga *bilihin*
- pagluwag ng *policy rate* ng BSP

Ano ang susunod na hakbang ng BSP?

Dahil inaasahang mananatiling malapit sa *target* na 3.0 *percent* ang *inflation*, nakikita ng BSP na maaari pa nitong ibaba ang *policy rate* upang suportahan ang domestic demand at mapalakas ang kumpiyansa sa ekonomiya. Gayunpaman, patuloy na nakabantay ang BSP at naaayon ang mga desisyon nito sa mga datos upang panatilihin ang katatagan ng presyo na makatutulong sa pagsuporta ng paglago ng ekonomiya at trabaho.

[1] Ang pagtataya ng BSP ay batay sa Multi-equation Model (MEM).

Basahin ang Pebrero 2026 Monetary Policy Report. I-scan ang QR code o bisitahin ang https://bit.ly/February2026_MPR